DE LA SALLE UNIVERSITY

# ANG PAGMUMURA NG MGA KABATAAN: KAUGNAYAN SA AGRESYON, KAIBAHAN AYON SA KASARIAN AT ANTAS PANGSOSYO-EKONOMIKO

---------

ISANG TESIS NA HINAHARAP SA
KAGAWARAN NG DEPARTAMENTO NG
AGHAM PANGKAASALAN
KOLEHIYO NG MALAYANG SINING
PAMANTASAN NG DE LA SALLE

---------

BILANG PAGTUPAD SA
PANGANGAILANGAN SA PAGTAMO SA TITULONG
BATSILYER SA SINING NG SIKOLOHIYA

---------

nila

Benedict M. Lamberte
Patrick Henry T. Loo
Rowena Rodriguez
Abril 1990

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

# DE LA SALLE UNIVERSITY


## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa pagmumura ng mga kabataan, ang kaugnayan nito sa piling kaugaliang tumutukoy sa agresyon at ang kaibahan nito sa bawat kasarian at antas pangsosyo-ekonomiko. Ang pangkalahatang disenyo nito ay "*descriptive*" na ginamitan ng "*multi-method approach*": ang ginabayang talakayan at surbey sa pagkalap ng mga datos mula sa 934 na kalahok na estudyante mula sa tatlong paaralang kumatawan sa tatlong antas pangsosyo-ekonomiko.

Mula sa kinasapitan ng Ginabayang Talakayan, *pre-test*, at aktwal na surbey, napag-alaman ang mga salitang mura na ginagamit ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon. Ang mga ito'y nagkakaiba sa bawat antas at kasarian. Batay sa *3 x 2 ANOVA*, may makabuluhang kaibahan at interaksyon ang bawat kasarian at antas pangsosyo-ekonomiko sa antas ng kasidhian ng mga salitang mura na sinasambit.

Ukol naman sa kadahilanan ng pagmumura, walang pagkakaiba ang napansim sa bawat kasarian at antas. Sa kabilang dako, ang kadalasan naman ng pagmumura ay mayroong makabuluhang pagkakaiba sa bawat kasarian at antas, at ang interaksyong epekto ng mga nabanggit na baryabol ay napag-alaman din mula sa *3 x 2 ANOVA*.

Sa pamamagitan ng *Pearson r*, naistablisa ang kaugnayan ng mga piling kaugaliang tumutukoy sa agresyon. Lumabas na ang *pikon* ay may makabuluhang kaugnayan sa kadalasan ng pagmumura ngunit ang

kaugnayan nito sa antas ng sidhi ng pagmumura ay napatunayang hindi makabuluhan.

Ang *sumpong* at *pala-away* ay parehong walang kaugnayan sa kadalasan at kasidhian ng pagmumura. Samantala, may makabuluhang "*inverse relationship* naman sa dalas at sidhi ng pagmumura ang *pagkamatimpi*.

Ang *pagmumura* ay tunay na sumasalamin sa isip at damdamin ng kabataan. Ito ay sanhi ng iba't ibang situwasyong sanhi at kadahilanan ng ipinapahiwatig sa pag-usal ng mga salitang mura na may angking antas. Tesis na sinumite nila Lamberte, Loo at Rodriguez sa Departamento ng Agham Pangkaasalan ng Pamantasan ng De La Salle, Abril 1990.